

PARA SA AGARANG PAGLABASE

## **Ang Propesyona na mga Bombero ng Brampton ay nag-aambag ng \$150,000 tungo sa bagong fire campus memorial**

***Iniiimbikahan ang mga artist na mag-aplay para lumikha ng obra na Nagpaparangal sa mga yumaong bombero***

BRAMPTON, ON (Setyembre 2, 2021) – Sa araw na ito, ang Propesyonal na mga Bombero ng Brampton, IAFF Local 1068 ay nagpresenta sa Lungsod ng Brampton ng tseke sa halagang \$150,000 para iambag sa bagong memorial na magpaparangal sa mga yumaong bombero ng Brampton na gumawa ng pinakamalaking sakripisyo sa tungkulin sa trabaho. Ang mga kasapi ng samahan ay bumoto pabor sa pag-aambag ng mga pondong ito na idagdag sa naibigay nang \$150,000 ng Lungsod, na may kabuuang \$300,000 para sa obra ng sining.

Ang memorial na ito ay ilalagay sa bagong Fire Headquarters and Training Centre sa Williams Parkway, na nakatakdang kumpletuhin sa spring ng 2023. Ang moderno, centralized na pasilidad ay magiging tahanan ng Brampton's Fire and Emergency Services Headquarters, Prevention Division, new Fire Station 203, isang Emergency Operations Centre, Emergency Measures Office, at indoor at outdoor na mga pasilidad sa pagsasanay ng bombero.

### **Panawagan para sa mga Artist**

Iniiimbikahan ng Lungsod ng Brampton ang mga propesyonal na artist at mga team na pinapangunahan ng mga artist na magsumite ng kanilang mga pahayag ng interes na lumikha ng bagong Brampton Fire and Emergency Services Memorial. Ang mga artist ay kailangang nakatira sa at legal na pinapayagang magtrabaho sa Canada.

Itong Panawagan sa mga Artist para sa mga Pahayag ng Interes ay unang stage sa proseso sa kompetisyon na dalawang stage.

- Unang Stage: Pagrepaso sa mga pahayag ng interes ng piling panel ng mga stakeholder ng proyekto.
- Pangalawang Stage: Mga imbitasyon sa napiling mga kwalipikadong artist na magsumite ng proposal ng disenyo. Ang matagumpay na artist ay pipiliin sa stage na ito.

Ang panahon ng pagsumite para sa unang stage ay mula Setyembre 2 hanggang Oktubre 14, 2021, sa 2 pm. Para sa karagdagang impormasyon at para i-download ang dokumento ng Panawagan sa mga Artist, bisitahin ang [brampton.ca/publicart](http://brampton.ca/publicart)

### **Mga Quote**

“Malaki ang pasasalamat natin para sa kamangha-manghang malaking kontribusyon na ito mula sa ating mga partner sa IAFF Local 1068. Ang memorial na ito ay magpaparangal sa mga gumawa ng pinakamalaking sakripisyo, at maglilingkod bilang araw-araw na paalala sa walang hintong commitment ng ating Fire team sa kaligtasan at kabutihan ng ating komunidad. Ikinagagalak ko rin na imbitahin ang mga artist na sumali sa paglikha nitong mahalagang obra para sa ating Brampton Fire and Emergency Services — tunay na ito ay isang beses sa buong buhay na pagkakataon para

kilalanin ang isang team na gumaganap ng napakahalagang tungkulin sa ating lungsod.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton Fire and Emergency Services ay gumaganap ng mahalagang papel sa paggawa sa Brampton na isang Nakakalusog at Ligtas na komunidad. Ang integrasyon nitong makasining na memorial na obra ay makahulugang magpapaganda nitong bagong campus at aambag sa pangkalahatang kabutihan ng ating mga kasapi ng team na gumagawa sa nasabing mahalaga at hindi makasariling trabaho para sa ating komunidad araw-araw.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Nakakaantig na makitang nagaganap ang partnership at ang pagtutulungan para magawa ang memorial na ito, na nangangahulungan nang malaki sa ating team at sa ating partnership at sa ating komunidad. Sa ngalan ng Lungsod ng Brampton, ipinapahayag ko ang aking tapat sa pusong pasasalamat sa ating mga partner sa IAFF Local 1068 para sa kanilang commitment nitong obra. Hinihikayat ko rin ang mga local na artist na mag-aplay para sumali sa pagbuo nitong trabaho na tunay na mangangahulugan nang malaki sa ating mga empleyado at residente, at sa komunidad ng mga bombero.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga miyembro sa aming team ay hindi lamang mga kasamahan, ngunit pamilya rin. Ang memorial na ito ay mangangahulugan nang malaki sa buong Brampton Fire and Emergency Services team, nagbibigay sa atin ng pagkakataon na ipagdiwang ang mga buhay at kontribusyon ng ating mga yumaong miyembro. Ang memorial space na ito ay tunay na makakapagpa-espesyal sa bagong Williams Parkway Fire Campus.”

- *Chief Bill Boyes, Brampton Fire and Emergency Services*

“Ipinagmamalaki ko ang aming mga miyembro na bumoto para suportahan itong mahalagang inisyatiba. Ang memorial na ito ay malaki ang kahalagahan sa bawat isa at ang pagkilala sa mga nagsakripisyo para sa kaligtasan ng ating komunidad ay mahalaga para panatilihin buhay ang kanilang mga alaala ng ating pamilya at ng kanilang pamilya.”

- *Paul Lecompte, Presidente, Brampton Professional Fire Fighters, IAFF Local 1068*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

#### **KONTAK NG MEDIA**

Prabhjot Kainth  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Prabhjot.Kainth@brampton.ca](mailto:Prabhjot.Kainth@brampton.ca)